# {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumasok ang sampung [huling araw ng Ramaḍān], ay nagpupuyat sa gabi, nanggigising ng mag-anak niya, nagpapakasigasig, at naghihigpit ng tapis.}

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumasok ang sampung [huling araw ng Ramaḍān], ay nagpupuyat sa gabi, nanggigising ng mag-anak niya, nagpapakasigasig, at naghihigpit ng tapis.}
[صحيح] [متفق عليه]

Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumasok ang sampung huling araw ng Ramaḍān, ay nagpupuyat sa gabi sa kabuuan nito dahil sa paggawa ng mga uri ng mga pagtalima [kay Allāh], nanggigising ng mag-anak niya para magdasal, nagpapakasipag sa pagsamba bilang karagdagan sa nakahiratian niya, naglalaan ng sarili para rito, at umiiwas sa mga maybahay niya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4944